"Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong alinsunod sa batas na ipinalabas ng HUD. Ang HUD ay nagbibigay ng pagsasaling ito para lamang sa inyong kapakanan upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga karapatan at mga obligasyon. Ang bersyon sa wikang Ingles ng dokumentong ito ay ang dokumentong opisyal, alinsunod sa batas, at sumusubaybay. Itong isinaling dokumento ay hindi isang opisyal na dokumento."

# Eksibit 7-6: **Halimbawa** Huwarang Pormularyo ng Paunawa ng Pagtaas ng Upa Mula sa Pagproseso ng Muling Sertipikasyon

(Pangalan ng Umuupa / Tenant's Name) (Petsa / Date)
(Tirahan / Address)

Mahal naming Umuupa:
Ito ay upang ipagbigay-alam sa inyo na batay sa aming kamakailan lamang na pagsusuri sa inyong kita at komposisyon ng inyong pamilya, ang inyong upa ay binago sa $______. Itong bagong upa ay magkakabisa simula sa (buwan/araw/taon / month/day/year). Ang paunawang ito ay bumabago sa Talata [3, 4, o 5--- ilagay ang bilang ng talata na tumutugon sa talata ng huwarang pagpapaupa na ginagamit para sa umuupa. / 3, 4, or 5—indicate the paragraph number that corresponds to the paragraph of the model lease being used for the tenant.] ng inyong kasunduan sa pagpapaupa, na nagsasabi ng halagang ibinabayad ninyo sa upa kada buwan.

Mangyaring bumisita sa opisina sa loob ng 7 araw ng pagkatanggap ng paunawang ito upang malagdaan at makatanggap ng isang kopya ng **HUD-50059**. Ang **HUD-50059** ay dapat malagdaan ng ulo, kasamang ulo, asawa at lahat ng iba pang mga nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan. Ang kopya ng **HUD-50059* ay nagbibigay ng impormasyon ng inyong kita na aming ginagamit upang makalkula ang inyong bagong renta at ang halaga ng tulong sa upa, kung mayroon, na binabayaran ng HUD kada buwan para sa inyo.

Maaari kayong tumawag sa _______________kung inyong ninanais magtakda para sa isang pulong upang matalakay ang pagbabagong ito. Maraming salamat sa inyong kooperasyon.

Lubos na sumasainyo,

(Ahenteng Namamahala,
Tagapamahalang Residente, atbp.
/ Managing Agent,
Resident Manager, etc.)